a new hope

# Panalangin para sa Kagalingan Ayon sa Kapangyarihan ng Espiritu

**WEEK 4**

## WARM-UP

- Kung maaari kang magkaroon ng kahit na anong kapangyarihan sa loob ng isang araw, ano ang pipiliin mo? Bakit?
- May nakilala ka na ba na hindi mo inaasahang magiging isang malapit mong kaibigan? Magkuwento tungkol dito.
- Kung may isang bagay na nais mong malaman ng ibang tao tungkol sa iyo, ano ito at bakit ito ang napili mo?

## WORD

*6Pero sinabi ni Pedro sa kanya, "Wala akong pera. Ngunit*
*may ibibigay ako sa iyo: Sa pangalan ni Jesu-Cristo na*
*taga-Nazaret, lumakad ka!" 7At hinawakan ni Pedro ang*
*kanang kamay nito at pinatayo siya. Biglang lumakas ang*
*kanyang mga paa at bukong-bukong. 8Tumayo siya agad*
*at lumakad-lakad. Pagkatapos, sumama siya kina Pedro*
*at Juan sa templo. Palakad-lakad at patalon-talon siyang*
*nagpupuri sa Diyos.* **MGA GAWA 3:6–8**

(Basahin din ang **MGA GAWA 3:1–10.**)

Ang pagpuspos ng Banal na Espiritu na nangyari noong Pentecostes ay isang katuparan ng ipinangako ni Jesus, na ang mga disipulo ay makatatanggap ng kapangyarihan upang maging mga patotoo sa lahat ng bahagi ng mundo (Mga Gawa 1:8). Ang pagpupuspos ng Banal na Espiritu ay hindi lamang nangangahulugan na sila ay makapagsasalita ng iba't ibang wika. Ito ang nagtulak sa kanila upang buong tapang na ipangaral ang ebanghelyo, makagawa ng mga himala at iba pang mga kamangha-manghang bagay, at maikalat ang pag-asa na matatagpuan lamang kay Jesus saan man sila magpunta. Titingnan natin ngayon ang pagtatagpo nina Pedro at Juan, at ng pilay na lalaking nanghihingi ng limos upang makita kung paano kumikilos ang Banal na Espiritu sa atin at sa pamamagitan natin upang pagalingin ang mga pusong pinanghihinaan ng loob.

## 1 Nagdadala ang Diyos sa ating landas ng mga taong pinanghihinaan ng loob.

*[2]Sa pintuan ng templo na tinatawag na "Maganda" ay may isang taong lumpo mula nang ipinanganak. Araw-araw siyang dinadala roon para humingi ng limos sa mga taong pumapasok sa templo. [3]Nang makita niya sina Pedro at Juan na papasok sa templo, humingi siya ng limos.* **MGA GAWA 3:2,3**

Habang sina Pedro at Juan ay naglalakad, nakita nila ang lalaking ipinanganak na lumpo na nanghihingi ng limos. Dahil sa kondisyon niyang ito, siya ay mahirap, hindi tanggap sa lipunan, at dumaranas ng espirituwal na panghihina, dahil noong panahong ito, pinaniniwalaan ng mga tao na kasalanan ang dahilan kung bakit may ipinapanganak nang may kapansanan. Walang sinuman na nagnanais makipag-ugnayan sa lumpong pulubi. Subalit nang siya ay humingi ng limos, sina Pedro at Juan ay huminto upang makipag-usap sa kanya. Hindi lamang sila basta nagpatuloy sa kanilang ginagawa. Kinuha nila ang pagkakataon na makapagministeryo sa lalaki. May nakilala ka na bang tao na may mahirap na pinagdaanan sa buhay na nagbigay sa iyo ng pagkakataong ibahagi sa kanya ang ebanghelyo?

## 2 Gagamitin tayo ng Diyos upang makapagpagaling at magsaayos ng mga pusong may mga hinanakit.

*[6]Pero sinabi ni Pedro sa kanya, "Wala akong pera. Ngunit may ibibigay ako sa iyo: Sa pangalan ni Jesu-Cristo na taga-Nazaret, lumakad ka!" [7]At hinawakan ni Pedro ang kanang kamay nito at pinatayo siya. Biglang lumakas ang kanyang mga paa at bukong-bukong.* **MGA GAWA 3:6,7**

Hindi nagbingi-bingihan sina Pedro at Juan sa panglilimos ng lumpong pulubi. Subalit sa halip na pera, mas higit pa ang ibinigay nila sa kanya—kagalingan sa pangalan ni Jesu-Cristo! Ang sitwasyon ng lalaki ay wala nang pag-asa. Wala na siyang ibang maaaring gawin kundi ang manglimos. Subalit sa paghahayag ni Pedro ng kagalingan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu, binago ng Diyos ang sitwasyon ng pulubi. Ang ebanghelyo ang sagot sa panghihina

ng ating loob. Sa paghahayag natin ng ebanghelyo, makikita natin ang pagkilos ng Diyos sa buhay ng mga tao. May pagkakataon ba na nakapagministeryo ka sa isang kaibigan na humaharap sa isang sitwasyon na tila walang pag-asa? Paano naging kasagutan ang ebanghelyo sa sitwasyon niya?

## 3 Ipinapakita ng Diyos ang Kanyang kapangyarihan upang akayin ang mga tao na sumamba sa Kanya.

*[8]Tumayo siya agad at lumakad-lakad. Pagkatapos, sumama siya kina Pedro at Juan sa templo. Palakad-lakad at patalon-talon siyang nagpupuri sa Diyos. . . . [10]Napansin nila na siya pala ang taong palaging nakaupo at humihingi ng limos doon sa pintuan ng templo na tinatawag na "Maganda." Kaya lubos ang kanilang pagkamangha sa nangyari sa kanya.* **MGA GAWA 3:8,10**

Ang pagpapakita ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu ay hindi nagtatapos sa kagalingan ng lalaking pulubi. Siya ay hindi katanggap-tanggap sa lipunan. Subalit nang mapagaling nina Pedro at Juan ang sanhi ng panghihina ng kanyang loob, siya ay naging isang patotoo ng dakilang kapangyarihan ng Diyos at ang mga tao ay nagbigay ng papuri at kaluwalhatian sa Kanya (Mga Gawa 4:21,22). Ito ay naging dahilan upang tanggapin ng mga tao ang ebanghelyo at *marami sa mga nakarinig ng kanilang pagtuturo ang sumampalataya* at ang bilang ng mga *lalaki na sumampalataya ay limang libo* (Mga Gawa 4:4). Ang lahat ng ito ay nangyari dahil si Pedro at Juan ay kumilos nang may pananampalataya upang gumawa ng isang himala sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu. Ano ang bunga ng mabubuting gawa? (Mateo 5:16)

## APPLICATION

- Paano mo naranasan ang kagalingan na nagmumula sa pangalan ni Jesus? Paano ka matutulungan ng nagpapagaling na kapangyarihan ni Jesus sa iba pang bahagi ng iyong buhay?
- Bakit ang ebanghelyo ang kasagutan sa panghihina ng ating loob? Paano ka lalago sa kaalaman mo tungkol sa ebanghelyo araw-araw?
- May tao ba na maaari mong matulungang makatanggap ng kagalingang nagmumula sa Diyos, ito man ay pisikal o emosyonal? Mangakong ipapanalangin siya at babahaginan ng ebanghelyo ngayong linggo.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagpapadala ng Banal na Espiritu upang bigyan ka ng kakayahan na maging patotoo para sa Kanya. Ipanalangin na lagi kang maging sensitibo sa Kanya sa tuwing magkakaroon ka ng pagkakataong makapagministeryo sa iba.
- Ipanalangin na tulungan ka ng Diyos na kumilos nang may pananampalataya upang makapagdala ng kagalingan sa mga taong pinanghihinaan ng loob. Ipanalangin na magkaroon ka ng tapang na ipahayag ang kapangyarihan ni Jesu-Cristo saan ka man magpunta.
- Hilingin sa Diyos na ipakita sa iyo ang mga taong kailangang mapagaling ng kapangyarihan ni Jesu-Cristo. Ipanalangin na habang ipinapangaral mo ang ebanghelyo, makikita ng mga tao ang kamangha-manghang kapangyarihan ng Diyos.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2020 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph